## Tala: 1

Pagpapaliit ng Suso(includes abstract) Carson-DeWitt R; Consumer Health Information Language Database, Consumer Health Information, EBSCO Publishing, November 2008; (patient education - procedure) CINAHL AN: 2010052420

Abstract: Operasyon upang bawasan ang sukat o pabutihin ang porma ng isa o parehong mga suso.

View English

**Database:** Consumer Health Information -- Tagalog

# Pagpapaliit ng Suso

**(Reduction Mammoplasty)**

ng: Pamatnugutan at Mga Nag-ambag

[View English Version]

**Kahulugan**

Operasyon upang bawasan ang sukat o pabutihin ang porma ng isa o parehong mga suso.

**Mga Sangkot na Bahagi ng Katawan**

Mga suso

**Mga Dahilan para sa Proseso**

- Sobrang malalaking suso, na humahantong sa:
  - Mababang tingin sa sarili
  - Pananakit ng likod, leeg, at balikat
  - Mga problema sa postura
  - Mga gasgas/sugat mula sa mga bra strap
- Di-pantay na mga suso, dahil sa kalakaran ng paglaki o naunang operasyon sa isang suso (halimbawa mastectomy o lumpectomy )
- Di-normal na bukol sa suso ng lalaki, tinatawag na gynecomastia

**Mga Panganib para sa mga Kumplikasyon sa Panahon ng Proseso**

- Labis na katabaan
- Paninigarilyo
- Pagkalulong sa alak
- Diabetes
- Nauna nang radiation sa bahagi ng suso
- Kakulangan ng nutrisiyon
- Cellulitis (pamamaga ng pang-ilalim na tissue ng suso)
- Intertrigo (pagbibitak at pamamaga ng balat sa ibabaw ng suso)

**Anong Maaasahan**

## Bago ang proseso

Maaaring hingin sa iyong tumingin sa isang album ng mga sukat at porma ng suso upang tulungan ang siruhistang maintindihan ang nais mong kalalabasan.

Malamang na gagawin ng iyong doktor ang mga sumusunod:

- Eksaminasyong pisikal, kabilang ang eksaminasyon ng suso
- Mga pagsusuri sa dugo

- Mammogram
- Kumuha ng mga larawan "bago"

Sa mga araw palapit sa iyong proseso:

- Ayusin ang sasakyan patungo at pauwi mula sa proseso.
- Ayusin ang makakatulong sa bahay pagkatapos ng proseso
- Sa gabi bago nito, kumain ng hindi masyadong nakakabusog na pagkain at huwag kumain o uminom ng anuman paglampas ng hatinggabi.
- Maaaring hingin sa iyong maligo sa umaga ng iyong proseso, at maaaring bigyan ka ng gagamiting espesyal na sabon pangontra sa bacteria

## Anesthesia

General o local


## Paglalarawan sa Proseso

Gagawa ang siruhista ng hiwa sa paligid ng utong at areola. Tatanggalin ang taba at tissue ng suso at sobrang balat. Depende kung gaano karaming tissue ang tatanggalin, maaaring kailangang ipuwestong muli ng siruhista ang utong at areola nang mas mataas sa nalalabing tissue ng suso. Maaari ding kailangan ang karagdagang mga hiwa. Liposuction , isang proseso ng vaccum upang tanggalin ang sobrang taba, maaari ding gamitin.

Depende kung ano ang hangganan ng kailangang operasyon, maaaring maglagay ang siruhista ng maliit na nababaluktot na tubo sa isa o parehong suso upang patuluin ang anumang likidong maiipon sa unang mga yugto ng paggaling. Maaari ding kailangan manatili ang mga tubong ito sa puwesto nang ilang araw.

Isasara ang mga hiwa sa suso ng maliliit na mga tahi. Pagkatapos na lubusang makumpleto ang operasyon sa isang suso, gagawin ang parehong mga hakbang sa kabilang suso.

**Proseso ng Pagpapaliit ng Suso**




*© 2009 Nucleus Medical Art, Inc.*

## Pagkatapos ng Proseso

Bebendahan ka nang mahigpit sa iyong dibdib, o magsusuot ng espesyal na surgical bra upang magbigay

ng puwersa at suporta.

## Gaano Katagal Ito?

2-4 na oras

## Masakit Ba?

Pinipigilan ng anestisya ang sakit habang inooperahan. Magkakaroon ka ng pananakit, pamamaga, at pagpapasa sa mga suso nang ilang linggo pagkatapos ng operasyon.

## Mga Posibleng Kumplikasyon

- Impeksiyon
- Pagdurugo
- Pagpapasa
- Pagkawala ng pandama sa suso, utong, at/o areola
- Posibleng kawalang kakayahang magpasuso, lalo na kung sangkot sa operasyon ang utong at areola
- Di-pagpapantay ng mga suso
- Limitadong paggalaw ng braso at/o balikat
- Pagpepeklat
- Mga cyst na puno ng likido at/o dugo na maaaring mabuo sa gumagaling na tissue ng suso

## Karaniwang Pananatili sa Ospital

0-4 na araw

## Pag-aalaga Pagkatapos ng Operasyon

- Magsuot ng espesyal na surgical bra na naglalapat ng puwersa. Huhubugin nito nang wasto ang iyong (mga) suso pagkatapos ng operasyon.
- Kung nailagay ang mga tubong tutuluan sa alinmang suso, tatanggalin ang mga ito 2-4 araw pagkatapos ng operasyon.
- Kadalasang tinatanggal ang mga tahi nang 7-10 araw pagkatapos ng operasyon.
- Marahil ay papayuhan ka ng iyong doktor na iwasan ang pagbubuhat ng mabigat, pagpupuwersa, o nakakapagod na ehersisyo sa unang linggo o dalawa pagkatapos ng operasyon.

**Resulta**
Magiging mas maliliit ang iyong mga suso. Dapat ipakita nila ang sukat, porma, at pagkakapantay na ninais mo.

**Tawagan Ang Iyong Doktor Kung Mangyayari Ang Alin Man sa Mga Sumusunod**

- Pamumula, pamamaga, tumitinding pananakit, labis na pagdurugo, o paglabas ng likido o nana sa alinmang suso
- Pagduduwal at/o pagsusukang hindi mo makontrol sa mga gamot na ibinigay sa iyo pagkatapos ng operasyon, o nagpapatuloy nang mahigit dalawang araw pagkalabas sa ospital
- Mga sintomas ng impeksiyon, kasama na ang lagnat at labis na panlalamig
- Ubo, kahirapan sa paghinga, pananakit ng dibdib, malubhang pagduduwal o pagsusuka
- Mapapansin mo ang paninigas o pananakit kapag iginagalaw ang iyong braso
- Di-normal na pagpepeklat

- Mga cyst na puno ng likido o dugo na namumuo sa alinmang suso
- Mayroon kang mga alintana tungkol sa sukat at/o porma ng iyong mga suso
- Pananakit at/o pamamaga sa iyong mga paa, kalamnan sa binti, o mga binti, biglaang kahirapan sa paghinga o pananakit ng dibdib

Published by EBSCO Publishing. This content is reviewed regularly and is updated when new and relevant evidence is made available. This information is neither intended nor implied to be a substitute for professional medical advice. Always seek the advice of your physician or other qualified health provider prior to starting any new treatment or with questions regarding a medical condition. Copyright 2009 EBSCO Publishing. All Rights Reserved.

**Pagkukunan:** Consumer Health Information, EBSCO Publishing. November 2008
**Numero ng Item:** 2010052420